

# PROLOGUE

“Bakit ayaw mong tumingin sa akin, Zenn?” mahinang tanong ni Jet sa kanya. Narinig niya ang hinanakit sa boses nito. Ayaw man niya ay nakaramdam siya ng kirot sa dibdib sa isiping nasasaktan niya ito. “Hindi naman ako nagpapalit-anyo at nagiging halimaw. There’s no need to be scared.”

Sumasal ang tibok ng kanyang puso. Humigpit ang hawak ni Jet sa kanya at hinapit pa siya palapit.

They were dancing magically to the music that lingered in the air. It was really a romantic night for young lovers or those who were secretly wanting to be lovers. It was the time of their teenage lives—their magical prom night.

Dahil nabigla sa paghapit na ginawa nito ay napatingala si Kim kay Jet.

Wrong move. His eyes locked on hers and the key that would separate their gazes was buried for a second.

*Please, kahit ngayon lang. Let this be my fairytale.*

She let her armor down. Nagpadala si Kim sa

paligid at sa lalaking may hawak sa kanya ngayon.

Hindi niya namalayang lumalayo na sila sa bulwagan at palapit na sa isang puno ng acacia. Medyo madilim sa bahaging iyon. Everything was really magical. She was alone with a wonderful guy under a tree, its yellow leaves slowly falling upon them.

Nagtataakang nagtatanong ang kanyang mga mata rito.

“Zenn, matagal ko na itong gustong sabihin,” panimula ni Jet sabay gagap sa kamay niya. He looked straight to her brown eyes. Napakalalim ng buntong-hiningang pinakawalan nito. “Kaya ko ’to,” tila pagpapalakas nito sa sariling loob. “Z-Zenn, m-mahal kita,” sabi ni Jet sa nanginginig na boses.

Kim was taken by surprise. Ang isa sa mga itinuturing niyang matalik na kaibigan ay nagtatapat ng pag-ibig sa kanya at hindi niya alam kung ano ang gagawin, kung ano ang mararamdaman.

Agad niyang binawi ang mga kamay na hawak nito.

*Hindi ito tama. Bakit siya pa? Bakit ngayon? Masisira ang aming samahan.*

“Jet, magkaibigan tayo.” At pagkasabi niyon ay nagmamadaling naglakad siya palayo. Hindi man lang niya pinakinggan ang pagtawag ni Jet sa kanya.

Hindi niya alam kung gaano katagal siyang naglakad, hanggang sa tumatakbo na siya. Biglang bumigay ang takong ng kanang sapatos na suot ni Kim at bumagsak siya sa lupa. Nanatili siya roon, hindi alintanang nadudumihan ang napakaganda niyang damit.

Naramdaman niyang may tumulo sa likod ng palad niya. Lumuluha na pala siya.

What were those tears for? Hindi niya rin alam.

# 1

“Grabe, ang guwapo niya talaga,” sabi ni Bianca. Para itong naengkanto dahil wala sa mundo ang utak nito at nakatulala lang.

“Hoy, baka mahipan ka ng hangin diyan hindi ka na bumalik sa normal,” sigaw ni Kim sa pinsan mula sa kusina.

Kanina pa kasi ito wala sa sarili mula nang makita nito ang commercial na hindi niya alam kung ano.

Nagluluto siya ng agahan slash tanghalian nila. Linggo ngayon kaya wala siyang trabaho sa engineering company na pinapasukan. Industrial Engineer siya.

“Sino na naman iyang tinitilian mo?” tanong niya habang dinadala ang pagkain nila sa mesa sa sala.

Dali-dali itong nagpunta sa mesa at umupo sa tapat niya. “Sino pa ba, di si Fafa Kian at Fafa Jet!” Tumili pa ito.

“Sino naman ang mga iyan?” Sumubo siya ng pandesal na may palamang itlog. Iyon lang ang kaya ng budget nila.

Ayos lang naman kay Kim kasi masarap naman lalo't may katernong mainit na kape.

“Mga bagong models. Nasa *B&G Magazine* sila ngayon,” ani Bianca sabay kuha ng kinakain niya at isinubo iyon.

Umiling na lang si Kim sa sinabi at ginawa nito. Nagpatuloy na lang siya sa pagkain.

Frustrated model si Bianca. Isa sa pinakasikat na magazine sa buong bansa ang *B&G*, kilala dahil sa mga makabuluhang articles nito pati na sa mga guwapo at magagandang models.

Lahat yata ng babaeng may pangarap mag-model ay magpapasalamat kung mapi-feature sa *B&G Magazine*. Dito kasi karaniwang nadi-discover ang mga models na isinasabak internationally.

“Insan, nakapagpadala ka na ba kina Tito at Tita sa Cebu?” tanong ni Bianca.

“Oo, noong isang linggo pa,” sagot niya, inililigpit na ang pinagkainan nila.

“Pahiram naman ng pera para padala kina Nanay. Hindi pa kasi ibinibigay ng kompanya ang sweldo ko,” sabi nito.

“Sige, para bayad ko na rin sa 'yo. Hindi na kasi

ako nakakapag-share para sa apartment natin nitong huling buwan,” nahihiyang saad niya.

“Ano ka ba? Ako ang mas matanda, sa edad dahil baby-faced ako, kaya ako ang responsable dito,” matigas na sabi nito.

Natawa na lang siya, alam na may halong biro iyon.

Pagka-graduate ni Kim ng kolehiyo ay agad siyang sinabihan ng tito niya, ama ni Bianca, na sa Maynila na magtrabaho dahil may alam itong engineering company na puwede niyang pasukan.

Buti na lang at nasa Maynila na ang pinsan niyang si Bianca. Tourism graduate ito at nagtatrabahong tourist guide sa isang travel company.

“Nakakainis lang talaga ang kompanyang pinasukan ko, masyadong maliit kung magbigay ng sweldo. Sana talaga ay nag-model na lang ako.”

Hindi siya magtataka kung magtagumpay bilang model ang pinsan. Bukod kasi na natural na maganda ay matangkad talaga ito. Matangos ang ilong ni Bianca, bilugan ang mukha at magaling mag-pose and project.

“Alam mo, papasa ka ring model kung gugustuhin

mo,” walang ano-ano ay sabi nito.

“Hindi ko pinangarap, eh,” sagot na lang niya.

Maganda talaga si Kim. She has this long, silky hair that curled at the ends. She had fair complexion and big brown eyes. Matangkad din ang dalaga, halos kasing-tangkad ni Bianca at matangos ang ilong na namana sa lola nilang may lahing Español.

“Ano ka ba? Biniyayaan ka ng ganda, hindi mo naman ginagamit,” nanghihinayang na sabi ng pinsan.

Natigil ang usapan nila nang may nag-dorbell sa labas ng kanilang apartment. Lumapit siya at binuksan ang pinto.

“Magandang umaga po. Delivery po para kay Miss Bianca Bernal,” sabi ng nakaunipormeng lalaki.

“Naku, ’yan na ba?” Excited na pumunta sa tabi niya si Bianca para kunin ang delivery.

May pinapirmahan ang delivery boy rito at isinara agad ng pinsan ang pinto nang mapasakamay ang kahon at makapagpasalamat.

Pagkatapos ay agad itong nagtitili at nagtatalon.

“OMG! Pinsan, ito na ang bagong issue ng *B&G!*”

irit nito.

Hindi na lang siya nagsalita at ngumiti na lang dito.

Paano, hindi siya maka-relate dito. Sa sobrang busy ni Kim sa trabaho ay wala na siyang oras para malaman ang latest sa showbiz. Hindi rin naman siya mahilig sa fahion magazine at hindi masyadong nanonood ng TV kaya wala siyang alam kung sino na ang mga guwapo sa commercial o kaya ay bida sa teleserye.

Agad na binuksan ni Bianca ang kahon at binuklat ang magazine na nakuha roon. Bumalik na si Kim sa pagkakaupo niya sa sala. Sakto na ang commercial na kanina pang ipinagwawala ng pinsan ang lumabas kaya lalong lumakas ang tili nito.

Laking gulat niya nang makita kung sino ang tinitilian nito.

“OMG! ’Insan, sila na ’yan! Sina Jet at Kian!” sigaw nito at tumili ulit.

Si Kim ay parang napako sa pagkakaupo. Imbes na takpan ang tainga na lagi niyang ginagawa kapag tumitili ito ay para siyang naestatwa. Natutok ang buong atensyon niya sa TV.



Sobrang guwapo at magaganda ang katawan ng dalawang nasa commercial. Both have beautiful god-like body na halatang alaga sa gym. They were endorsing a men's cologne at nakapaligid ang mga babae sa mga ito.

They were neither topless nor were their lower body shown, but their clothing couldn't hide their perfect build. Ang isa ay maputi at halatang hindi purong Pinoy. He had this pair of playful, chinky eyes, pointed nose and reddish lips that wore a boyish grin. Ang isa ay contrast nito: moreno at purong Pinoy.

And this tall, dark and sensationally handsome man caught her attention. Hindi niya makakalimutan ang itim na mga mata na nakatatak na sa puso't isip niya.

Sa apat na taong nakasama ito ni Kim ay hindi niya ito malilimutan kahit na sampung taon na ang lumipas. Paano niya ito malilimutan gayong ito ang kauna-unahang—

Ipinilig ng dalaga ang ulo. Ayaw na niyang maalala iyon. Kahit na sampung taon na ang nakakaraan ay parang nasasaktan pa rin siya sa hindi malamang dahilan.

“Yes, it's them,” sabi ni Bianca. “Their real names

are Jethro Del Rosario—he’s known as Jet—and Kyle Bryan Chua also known as Kian.”

“Jethro Del Rosario?” ulit niya.

She knew it. Alam niyang hindi siya nagkakamali sa nakita niya sa TV.

Tumango ang pinsan. “Sabi dito sa exclusive interview sa kanila sa magazine, single ang super available pa raw si Kian but no comment si Jet about sa love life niya.”

Napangiti na lang siya sa sinabi ni Bianca. Kahit noong high school ay ayaw talaga ni Jet na pinaguusapan ang love life nito. Naaalala pa niya ang una nilang pagkikita. He was so laid-back and easy-going.

---

*Kinakabahan si Kim habang naghihintay sa lobby ng eskwelahan. She was about to take the high school admission test.*

“Kim, ang likot mo,” reklamo ni Malur sa kanya.

*Tiningnan ni Kim ang matalik na kaibigan. They have been the best of friends since first grade pero hanggang ngayon, parang hindi pa rin ito marunong bumasa ng nararamdaman ng ibang tao. Duda nga niya robot ito. De numero kasi ang galaw. Wala yata*

itong emosyon. Pero kahit ganoon si Malur ay mahal niya ito.

“Sorry na. Kinakabahan kasi ako. Hindi kasi ako sanay na hindi kita kasama ’tapos magkaiba pa tayo ng exam room,” sabi niya.

Bumuntong-hininga lang si Malur at bumalik sa pagbabasa. Napasimangot si Kim.

Hindi niya talaga alam kung paano niya ito naging kaibigan. Magkaiba ang hobbies at personalidad nila.

“Please follow me to your respective examination rooms,” anunsyo ng isang may edad na babae, isa sa mga proctors marahil.

Nagsitayuan na ang karamihan para lumabas ng waiting room. Hindi siya makatayo nang deretso dahil sa pangiginig ng mga tuhod. Bakas ang kaba sa mukha na binalingan niya si Malur. Kampante nitong ibinalik ang binabasang libro sa dalang bag at tumayo na rin. Parang gusto na niyang umiyak.

“Don’t worry, Kim. You’ll do just fine. Alam kong makakapasa ka,” mahinang sabi nito at naglakad na palayo.

Natigilan saglit si Kim, hanggang sa nabuhay ang saya sa kanyang mukha. Although it was nonchalantly

*said, the words cheered her.*

*Somehow, she believed Malur. She would ace this test.*

*Habang nalalapit na ang oras ng pagsisimula ng pagusulit, unti-unti ring nawawala ang kaba ni Kim. Napalitan ng excitement ang nerbyos na nararamdaman niya kanina.*

*Isa-isa nang inilalapag ng mga facilitators ang test papers.*

*Inihanda niya ang gagamitin niyang lapis.*

*“Psst!”*

*Napakunot-noo si Kim nang marinig iyon. Parang may sumisitsit. Binalewala niya lang.*

*“Psst!”*

*Hayun na naman.*

*“Hoy, Miss!”*

*Binalingan ni Kim ang lalaking kahilera niya ng upuan. Magkakalayo ang mga armchairs.*

*Mukhang matangkad ito kaysa sa karaniwan. Hindi madaling ma-impress si Kim sa lalaki, pero napahanga siya sa isang ito. Aaminin niyang may*

*hitsura ito, o mas tamang sabihing guwapo—base sa pagsulyap-sulyap dito ng mga babae sa silid—at sa paningin na rin niya.*

*“B-bakit?” tanong niya rito. Naiinis siya sa sarili kasi nauutal siya. Kailan pa siya nautal sa harap ng kahit sino?*

*Ngumiti ito sa kanya. She was taken aback. Hindi naman sa hindi pa siya nangitian ng lalaki. Iba lang talaga ang epekto ng ngiti nito. Bigla siyang kinabahan.*

*“May extra ka bang lapis?” tanong nito sa kanya.*

*Nagsalubong ang mga kilay niya. Lapis? Masyado yata siyang apektado sa maganda nitong ngiti kaya hindi gaanong rumehistro ang tanong nito.*

*“Hindi kasi ako nakapagdala ng lapis. Puwede ba akong manghiram kung may extra ka?” nahihiyang tanong nito habang nakahawak sa batok.*

*Napataas na ang kilay ni Kim.*

*Guwapo sana, tanga nga lang.*

*Sino ang hindi magdadala ng lapis sa examination?*

*Agad siyang kumuha ng extrang lapis at ipinahiram iyon dito.*

*“Salamat talaga,” masayang sabi ng lalaki.*

*Tinaasan niya ulit ito ng kilay. “Sa susunod kasi maghanda ka. Paano kung giyera ang pupuntahan mo? Para kang sundalo na walang armas.”*

*Imbes na mainis ay ngumiti lang ito ulit. Naestatwa tuloy siya ulit. “Pero hindi naman ito giyera. Exams lang ito, chicken.”*

Ibinagsak ni Bianca ang kanang kamay nito sa center table, bagay na ikinagulat ni Kim. Nabalik tuloy rito ang lumiliko niyang isip.

“Totoo siguro ang tsismis tungkol dito.”

Wala siyang ideya kung nagsasalita man ito kanina pa. “Tsismis?”

“Na he’s dating, may nililigawan or maybe sila na nga ng international model na si Lorraine,” sabi ng pinsan, sa tonong *‘Hindi ka ba nakikinig?’*

Napailing si Kim. Hindi lang masyadong halata, pero may pagka-stalker ang pinsan niya. Ano na nga ba iyong sinabi nito?

*Ah, may girlfriend na pala sa Jet.* Parang may munting kirot siyang naramdaman sa kanyang kalooban.

Muli niyang tiningnan ang picture ng dating kaklase sa magazine na hawak ni Bianca. Noon pa man ay guwapo na si Jet Ang ipinagkaiba lang ngayon, mukhang alam na nito na guwapo ito. Gone was the shy boy who would think more than twice before asking any girl to dance.

Ngayon may girlfriend na ito.

Na-curious tuloy siya kung sino ang masuwerteng babae. Gusto niya tuloy itong makita at makilala. Ano kaya ang mayroon dito at nahumaling dito si Jet?

“Sino naman si Lorraine?” pabale-walang tanong niya sa pinsan. Ayaw niyang mahalata nito na interesado talaga siya.

Binuklat nito ang hawak na magazine at agad iniharap sa kanya ang isang pahina. May ipinapakita sa kanyang picture.

In the picture was a gorgeous woman wearing a two-piece bikini. Morena ang babae pero maganda at makinis ang balat, at sobrang ganda ng katawan. Matangos ang ilong nito at perfect tingnan ang kilay that gave her an aristocratic look.

Nagtaka si Kim nang mapatingin sa mga mata ng babae. Parang may imaheng dumaan sa kanyang alaala pero hindi niya iyon mahabol sa isip. Those

raven black eyes looked so familiar.

“This is Lorraine.” Tiniklop na ni Bianca ang magazine. “Jelly ka sa body niya, ano? Hindi ko nga alam kung bakit siya sumikat, eh, mas maganda naman ang fez and body ko sa kanya.”

Tumawa na lang siya sa pagmamayabang nito.

“Siya pala ang girlfriend...” aniya, kunwari ay hindi interesado.

“Actually, they neither denied nor confirmed the issue. Si Jet kapag tinatanong smile lang ang sagot. Si Lorraine ay change topic agad, which is so Lorraine. Flirt nga kasi.”

Pinaikot ni Kim ang mga mata sa sinabi nito. Gusto pa sana niyang magtanong pero natatakot siyang magtaka na ito. Tiningnan lang niya ang picture ng nobya ni Jet. Ni hindi siya umabot sa kalingkingan nito kung ganda ang pag-uusapan.

*Paano kaya kung sinagot ko noon si Jet? Ipinilig niya ang ulo sa naisip.*

“Bukas nga pala aalis ako,” pag-iiba niya sa topic.

“Ha? Bakit?” takang tanong nito. “Mag-a-unwind ka ba? Nag-leave ka nga pala ng three days sa trabaho.”



“Maghahanap ako ng trabaho. Nakakainis kasi ang mga kasamahan ko doon sa pinapasukan ko. Dahil babae ako, parang minamaliit ako. Ewan, pero naiinsulto talaga ako. Dahil ba puro sila lalaki?” Bumuntong-hininga siya.

Umiling-iling si Bianca. “Insan, ganyan talaga sa real world. Sabi nga, we live in a man’s world,” sabi nito. “Saka parang hindi ako makapaniwala na minamaliit ka. Iyang ganda mong ’yan? Baka may gusto lang sa ’yo ’yung mayabang d’un at nagpapapansin. Get real na lang.”

“Hah, paka-real. Puwes, ito ang real na ako. Ayaw ko yatang inaapi ng mga lalaki ang babae, ano. We should start a new generation of gender equality. Para saan pa at may modernization,” giit niya.

Nagkibit na lang ng balikat ang pinsan niya.

## 2

Wala pa rin siyang napipili sa mga napuntahang job interviews. Habang naglalakad mula sa pinakahuling kompanya na pinag-apply-an ay kumalam ang sikmura ni Kim. Hindi kasi siya kumain ng agahan. Nagkape lang siya. “Ngayon ikaw naman ang nagrereklamo?” kausap niya sa tiyan. “Hindi pa nga ako nakakahanap ng bagong trabaho, eh. Mas lalo kang magugutom kung magrereklamo ka kasi wala tayong makukuhang datung.”

Kung may makakakita sa kanya ay iisipin talagang baliw siya. Nababaliw na yata siya sa gutom. Kumalam ulit ang sikmura niya, parang sumasagot sa reklamo niya.

Out of frustration, tumingala siya sa langit na para bang magdadasal na may mahulog na pagkain nang mapansin niyang nasa harap siya ng isang malaki at mataas na building. It read *Brilliance & Gems*.

Napalayo na yata talaga siya at napunta siya sa lugar na ito.

Napalingon siya sa nang may tumigil na

magarang sasakyan di kalayuan sa kanya. Hindi niya alam kung anong model ng kotse, basta maganda. Wala siyang alam tungkol sa mga sasakyan. Wala nga siyang sasakyan kasi hindi niya afford.

Bumaba ang nasa passenger seat. Isang babae na nakasuot ng puting blouse at gray pencil skirt ang nakita niya. Nakalugay lang ang buhok nito na medyo kulot. May kaunting kolorete ito sa mukha. May hawak itong tablet.

Binuksan nito ang pinto ng back seat. Lumabas doon ang isang babae na executive ang dating.

The woman had her hair in a bun. Her black rim eyeglasses made her look bossy and the dark gray business attire suited her elegantly. Bagay na bagay sa maganda nitong figure.

Sinabayan ito ng babaeng may dalang folder.

“Jessa, re-schedule my meeting this afternoon to tomorrow. Hindi puwedeng wala ako sa photoshoot ng mga models at kailangan ako ng event organizer. I want it to be perfect,” narinig niyang utos nito sa kasama.

Tumango ang tinawag na Jessa at nag-note sa tablet nito, malamang ang pagbabago sa schedule.

Hindi niya alam kung ganoon talaga ka-busy ang mga ito na kailangan nang mag-usap habang papasok sa building, pero ang mas hindi niya maintindihan ay kung bakit sumunod siya sa mga ito papasok.

Natagpuan niya ang sarili na naghihintay sa tapat ng elevator, kasunod ng mag-amo.

*What the heck am I doing?*

“Excuse me, Miss. May kailangan po kayo?” tawag ng nasa reception desk sa atensyon niya.

“Ah...” Naglakad siya palapit sa receptionist. *Syet, wala akong maisagot. Bakit ka pa kasi pumasok, eh, wala ka namang business dito? pang-aaway niya sa sarili.*

“Kim?” narinig niyang tawag ng isang babae mula sa kanyang likuran.

Lumingon siya at nakita niya ang babaeng tinawag na Jessa. Nasa harap pa rin ng elevator ang amo nito at may kausap sa telepono.

“Ikaw nga, Zenn Kimberly Alivio. Don’t you remember me? Jessa Constantino. Classmates tayo noong fourth year high school.”

Then she remembered her.

“Oo, naaalala na kita. Ikaw’yong palaging nabully ng mga maldita sa school na isinumbong sa akin ni Malur.”

Hindi na talaga niya ito nakilala. She was so different from the Jessa she knew back then. The girl who once hid herself from the world to avoid bullies was now a confident woman.

“Tama! Ako nga’yon. I’m so pretty na, right?” may pagmamalaking sabi nito.

Natawa siya. “Oo nga, and successful by the looks of it.” Then she looked at Jessa’s boss.

“Ma’am Stef, si Kim po,” masayang anunsyo ni Jessa sa boss nito.

Nagtaka siya sa ginawa ng dating kaklase. Kakilala ba niya ang boss nito? Mukhang asensado na ang marami sa ka-batch niya, kung ganoon. Samantalang siya ay heto, naghahanap pa ng mas matinong trabaho.

Katatapos lang nitong ibaba ang telepono. Bakas sa mukha nito ang gulat. Unti-unting lumapit ito sa kanya at tinititigan siya na parang nag-aalala na mawala na lang siya bigla.

Nagtataka siya sa reaksyon nito. Hindi niya ito

kilala.

*Wala akong matandaang Stef...*

“Kim,” sambit nito sa pangalan niya.

Parang pamilyar sa kanya ang paraan ng pagtawag nito. Kahit ang boses nito ay pamilyar din. Hindi kaya...

Pinakatitigan niya ito. Then it struck her. Those dark eyes.

Si Malur!

---

Inikot ni Kim ang tingin niya sa buong opisina ni Malur. Big boss na ito. Malaking bahagi ng seventh floor ng building ang opisina nito. Sa labas ay ang table ni Jessa.

Mula sa glass wall sa likuran ng table ni Malur ay matutunghayan ang hi-way sa ibaba. May mini-refrigerator sa right side, katabi ng single seater couch at isang leather sofa. Doon siguro nagre-relax si Malur kapag napapagod na. Sa kabilang dulo ay may isang shelf ng mga libro. It looked like a mini-library.

May kausap si Malur sa telepono. She canceled all her appointments that day. Para kay Kim. Ang

espesyal tuloy ng feeling niya. Napansin niya ang executive table nito.

Margarita Estefania Fonteza. Kanina, sa pinto ng opisina nito ay may name plate na nagsasabing, 'Publisher.'

Bigatin na pala si Malur. Sampung taon din niya itong hindi nakita. Pagkatapos kasi ng prom nila ay bigla na lang dumalas ang pagliban nito sa klase. Napag-alaman na lang nila na pupunta ito sa ibang lugar. Hindi na ito nakasali sa graduation nila. Ni hindi sila nakapagpaalam sa isa't isa.

"Kim, I really missed you," madamdaming sabi ni Malur. Tumabi ito sa kanya sa sofa at ngumiti nang tipid.

Bibihira lang niyang makitang ngumiti si Malur noon. Palagi itong seryoso at nakaharap sa libro. But every time her friend smiled, Kim knew that it was sincere. Hindi niya napigil ang sarili at umiiyak na niyakap ito.

Ang hinanakit niya nang sampung taong nakalipas ay muling nagpaalala. Ang pang-iiwan nito sa kanya sa panahong kailangan niya ito. Kahit na napakasakit ng ginawa nito ay hindi pa rin niya ito magawang kamuhian.

She was her best friend. And Malur would always be that.

“Malur, na-miss talaga kita nang sobra,” mangiyak-ngiyak niyang sabi. “Akala ko ayaw mo akong makita kaya pinagtaguan mo ako. Akala ko iniwan mo na talaga akong mag-isa at walang kakampi.”

“Ano ka ba, Kim, kailan ba kita iniwan?” Nang gayak na sasagutin niya ito ay muli itong nagsalita. “Kailangan ko kasing umalis noon dahil sa importanteng bagay pero hindi kita talagang iniwan. At saka malaki ka na n’un. Magka-college ka na nga at kayang-kaya mo na ang sarili mo.”

Still, Kim was greatly devastated.

Sumimangot siya. Kahit kailan talaga! Ngumisi lang si Malur.

Nangislap ang mga mata nito sa luha. “At bakit kita pagtataguan? Wala ka naman talagang kasalanan noon. We were young...”

Nakuha ni Kim ang gusto nitong iparating kaya mas hinigpitan niya ang pagyakap dito. May sasabihin pa sana siya kay Malur nang may kumatok at bumukas ang pinto ng opisina nito.



“Malur, ang sabi ni Jessa ay may—” Napatigil sa pagsasalita ang pumasok. “May bisita ka palang talaga.”

Kim froze. Lumayo si Malur sa kanya at lumapit sa bagong dating. Nakatalikod siya sa pumasok kaya hindi niya kita ang mukha nito, pero kung boses ang pagbabatayan, kilala niya ito. It was the same voice that made her happy, excited, angry and irritated at the same time.

“Oo, Jet, busy talaga ako. Natatandaan mo pa ba si Kim?” Si Malur.

Napilitan siyang pumihit paharap sa mga ito nang hindi umaalis sa kinauupuan.

Hindi nga siya nagkamali. Ang bagong dating na bisita ni Malur ay walang iba kundi ang tinitiliang si Jethro Del Rosario.

She was suddenly tongue-tied. Wala siyang maapuhap na sasabihin.

Isang mahabang katahimikan ang namagitan sa kanila sa loob ng opisina. No one dared to speak for a moment. Pati yata si Malur ay naapektuhan ng tensyon doon.

“Of course, how could I ever forget,” sagot ni Jet

sa wakas. “How are you, Zenn?”

Parang gusto na lang niyang pumikit at pakinggan ang boses nito habang nagsasalita.

Ito lang ang tumatawag sa kanya ng ‘Zenn’ noon. And hearing him call her name right now made her feel like everything just happened yesterday.

# 3

Nakatingin lang silang tatlo sa isa't isa. Walang gustong magsalita sa kanila. Nang sa tingin niya ay habang-buhay na silang nakatikom ay saka bumukas ang pinto.

“Stef, sorry. Ayaw kasi paawat,” hinging paumanhin ni Jessa na sumungaw mula sa likuran ng lalaking bagong dating.

“Ang daya n’yo talaga, si Jet ayos lang kahit pumasok dito. Kapag ako, hindi puwede. Pati nga guard, hinaharang ako na para bang isa akong terorista na gustong pasabugin ang building na ito,” reklamo ng lalaking kapapasok lang.

Natatandaan ito ni Kim base sa pictures sa magazine na ipinakita sa kanya ni Bianca.

Si Kian.

At nakatingin ang mga pinagpapatungkulan nito na para bang sanay nang marinig palagi ang mga hinanakit ng binata sa buhay.

“Sige, Jessa, bumalik ka na sa table mo,” ani Malur, hindi pinansin ang sentimiento ng bagong

dating. “Kahit siguro buong militar at SWAT team ang magbantay sa labas ng building ay makakapasok ka pa rin. Ang tigas mo rin talaga, ano?”

Naglakad si Kian palapit kay Malur pagkatapos ay saglit na tumingin sa kanyang gawi. Sobrang guwapo pala nito sa personal. *Pleasing to the eye*, sabi nga.

“Hi, Kim,” bati nito.

Kilala siya ng lalaki?

May sasabihin ito kay Malur nang matigilan at bumaling sa kapwa modelo. “Jet! Nandito si Kim!”

“Alam ko, hindi naman ako bulag,” pilosopong sagot ni Jet. Sanay na yata si Kian na laging mabara.

*Bakit ba nagsisulputan ang mga kabuteng ito?* saloob-loob ni Kim. Ang pinakahuling mga tao na iisipin niyang makita sa buong buhay niya—ang dalawang pinakasikat na lalaki sa buong bansa ay nasa harapan niya ngayon. *That doesn't happen often.*

At bakit feeling close ang Kian na ito?

“Kim, natatandaan mo pa ba ako?” tanong ng lalaki na parang nabasa ang iniisip niya.

Kumunot ang kanyang noo. Sigurado siyang

ngayon lang niya ito na-meet nang personal. Hindi maniniwala ang pinsan niya kapag sinabi niyang kilala siya ni Kian nang personal.

Sumimangot si Kian nang mapunang hindi niya ito matandaan, pero kahit nakasimangot ito ay mas nagmukha itong bata. Cute.

“Nakakasama ka naman ng loob, Kim. Hindi mo ba talaga ako natatandaan?”

Lalong nagdikit ang kanyang mga kilay. Kailan ba sila nagkakilala? Hindi naman siguro mistaken identity kasi alam nito ang pangalan niya.

Kian heaved a sigh of impatience. “Kainis. Ako lang naman po ang palaging tumatawag sa 'yo ng *Pink Power Ranger* noon.”

Then she remembered. Si Kyle. “Yes! Ikaw nga! Ikaw si Kyle. Natatandaan ko na.”

Napangiti naman ito sa sinabi niya. Naaalala niya na ito. Ito ang kaibigan ni Jet na kahit kailan ay hindi nila naging classmate. Nang ipakilala siya ni Jet dito ay agad siya nitong tinawag na *Pink Power Ranger* kasi kapangalan daw niya ang unang Pink Ranger noon sa *Power Rangers* na si Zenny.

Maganda daw kasi iyon kaya natandaan nito ang

pangalan. Kahit noon pa ay mahilig talaga si Kian sa mga babae lalo na at maganda. She knew he was trying to flirt with her back then. At pick-up line nito ang tungkol sa pink power ranger, pero kaibigan lang talaga ang tingin niya rito.

The nickname, however, stuck and remained.

“Natatandaan mo na ako? Great! Ganoon ba kalaki ang nabago sa akin para makalimutan mo ako saglit?” kunwa’y natatampong komento ni Kian.

Tumawa siyang bahagya. “Hindi naman. Guwapo ka na talaga noon. Crush pa nga kita, eh. Pero ngayon kasi mas nag-mature na nang konti ang mukha mo kaya mas gumuwapo.”

“O, narinig mo iyon, Jet. Mas guwapo na daw ako,” parang batang pagmamalaki ni Kian sa kaibigan.

Jet just rolled his eyes na parang sanay nang ibinibida ni Kian ang sarili rito. Noon ay tinatapatan nito ang pagyayabang ni Kian pero ngayon ay hindi ito nagsalita. “Pasensya ka na, Kim. Nambubulabog talaga ang mga buwisit na mga iyan dito. Sila kasi ang mga kinuha kong models namin ngayon.”

Models? Wait, *Brilliance & Gems... B&G!*

Si Malur ang namamahala rito?

Sa natatandaan niya, matalino talaga si Malur, pero wala itong hilig sa fashion at magazines at lalong-lalo na sa mga modelo. Mas hindi siya magtataka kung horror writer ito ngayon, base sa mga libro na binabasa nito noon.

Siguro nga ay marami nang nagbago sa kanila. Malur seemed to be very good at her job. Siguradong mabibingi siya sa katitili ng pinsang si Bianca pag nalaman ng babaeng iyon ang tungkol dito.

“Will the two of you please leave us now?” seryosong tanong ni Malur kina Jet at Kian.

Noon ay natatakot talaga sina Jet sa ganoong hitsura ni Malur. Kapag ganoon kasi ito ay para nitong sinasabing, “Bantayan mo ang buhay mo, iisa lang iyan... paparating na si Kamatayan.”

Pero nang mga oras na iyon ay hindi man lang nakitaan ng takot ang mga kumag. Parang wala nga lang sa mga ito ang pakiusap—na parang death threat—ni Malur.

“Ayoko nga. Ngayon lang ako dumating. Si Jet na lang ang paalisin mo tutal palagi naman siya dito. Nagbigay ka yata ng restraining order sa mga guards dito,” reklamo agad ni Kian.

Naningkit ang mga mata ni Malur. “May lakad

kami ni Kim. Istorbo kayo.”

Bumaling si Kian kay Jet na tahimik lamang sa kinatatayuan nito. Akala nga ni Kim ay inaamag na ito doon kasi hindi ito nagsasalita.

Nakakalokong ngumiti si Kian, “May lakad *tayo*, Malur. Mas nauna ang appointment ko sa ’yo.”

Nabigla sila nang walang babalang binuhat ni Kian si Malur palabas sa opisina habang panay ang palag ng huli.

“Hoy, Kyle Bryan Chua! Ibaba mo ako ngayon din!” narinig ni Kim na sigaw ni Malur na sinundan ng isang napakalakas na hampas.

“Aray naman, Malur! Sobrang bayolente mo talaga. Pero ayos lang, mahilig din kasi ako sa *cariño* brutal,” natatawa pang sabi ni Kian.

“Walang *cariño* sa ginagawa ko, gago. Purong brutal iyan,” sagot ni Malur, at tunog hinampas ulit ito.

Mukhang tuluyan nang nakaalis ang dalawa dahil wala na silang narinig na bangayan. Naiwan sina Kim at Jet kasama ng nakakaasiwang katahimikan.

Hanggang, “Wanna have lunch with me?” tanong ni Jet.



Tatanggi dapat siya nang maunang sumagot ang tiyan niya rito. Hindi na kasi kinaya. Isang malakas na tunog ang ginawa ng sikmura niyang kanina pa nagwawala.

After another moment of awkward silence, they laughed and agreed to go out for lunch.

---

Sa isang kalapit na Italian restaurant kumain sina Kim at Jet. Naiilang pa rin siya na kasama niya ang binata. Sino naman ang hindi makakaramdam ng ganoon?

“Hindi ko kasi alam na nandito ka sa Manila,” umpisa ni Jet.

“Dito kasi ako nagtatrabaho. Ikaw nga, pa-model-model na ngayon.” She was trying to make the atmosphere as comfortable as possible. “Hindi ko naisip kahit kailan na magiging model ka.”

Nginitian siya ni Jet. Hindi niya alam kung bakit pero lumundag ang puso niya sa ginawa nito. He looked so charming and confident smiling kagaya ng kanyang nakita sa mga pictures nito sa magazine. Kaya siguro maraming nahuhumaling ditong mga babae.

“Napilitan lang talaga kami. Makulit kasi si Malur, at mahirap tanggihan” sabi ni Jet. “Kahit ako, hindi ko naisip na magiging model ako. I was such a loser back then. Kaya nga nabasted ako.” Jet gave a slight chuckle.

Gusto sanang magprotesta ni Kim sa sinabi nito, pero mas pinili na lang niyang manahimik.

Bakit wala man lang nakapagsabi sa kanya na ganito pala ka-awkward kapag nakaharap mo ang lalaking binasted mo noon? Kahit siguro hindi sikat na model si Jet ngayon, magiging awkward pa rin ang paghaharap nila. Dapat nagbasa siya ng tips o libro tungkol sa mga ganitong sitwasyon para hindi siya natatanga ngayon.

Hiniwa na lang ni Kim ang steak na nasa harapan niya. Gutom na siya kaya titirahin na niya iyon. Pasimpleng sinusulyapan niya si Jet.

He was taller, fuller and more handsome. At mukhang may bilib na ito sa sarili.

She couldn't help remembering the boy back in high school. Pasaway, happy-go-lucky at torpe.

Hindi namalayan ni Kim na tinititigan na niya si Jet. Noon ito tumunghay sa kanya. Huling-huli nito ang ginawa niyang pagtitig dito. Nanlaki ang kanyang

mata at tumungo na ulit siya sa pagkain.

*What the... Abot-abot ang nararamdaman niyang kaba. Bakit mo kasi siya tinititigan?*

*Eh, kasi nga matagal din kaming hindi nagkita, tiningnan ko lang kung ano ang nagbago sa kanya.*

*Asus, ang sabihin mo na-miss mo lang talaga nang sobra si Jet.*

Naputol ang pang-aaway niya sa sarili nang tumikhim ang kasama. Nabigla, napatingin si Kim dito. Kanina pa bang ganoon kalapit ang upuan nito sa kanya?

Nakita niyang nakangisi ito. His eyes were full of amusement as they stared at her.

“You really missed me that much, Zenn?”

Parang nang-aakit ang ngiti sa mga labi nito.

Naramdaman niyang bumara ang kinakain sa kanyang lalamunan. Inihit siya ng ubo. Inabot niya ang baso ng tubig sa gilid ng plato niya pero parang ang layo nito.

Nakita niyang nagsimulang tumayo si Jet at mukhang tutulungan siya pero iniangat niya ang isang kamay na parang sinasabing huwag na itong

mag-abala.

“Are you all right, Zenn?” nag-aalalang tanong nito. Concern was written all over his face.

Bakit ba kahit nag-aalala ay ang hot pa rin nitong tingnan?

Inilapag niya ang baso at huminga nang malalim. Tumango siya. “Oo, ayos na ako.”

Napansin niyang nakatitig ito sa kanya. Iniangat nito ang kamay na parang aabutin ang pisngi niya. On instinct ay inilayo ni Kim ang sarili. Imbes na ma-offend ay ngumiti lang si Jet. Naestatwa siya sa upuan, hanggang sa lumapat ang palad nito sa mukha niya at may pinalis sa gilid ng kanyang labi.

May amos yata siya sa gilid ng kanyang mga labi. Naalala niyang makalat talaga siyang kumain. Nakakahiya, alam na tuloy nitong makalat pa rin siyang kumain hanggang ngayon.

Naibalik na ni Jet ang kamay sa ibabaw ng lamesa ay nakatitig pa rin dito si Kim. Napayuko siya nang ma-realize ang ginagawa. Naramdaman niyang parang umakyat sa kanyang mukha ang lahat ng dugo sa kanyang katawan. Siguradong pulang-pula na siya.

*Fudge naman!*

Nag-angat lang ulit siya ng tingin dito nang marinig ang pagtawa nito.

“You’re still so cute when you blush just like that,” he said. Naroon pa rin ang ngiti sa mga labi at nanunuksong kislap sa mga mata nito.

Napatitig lang siya rito at unti-unting nawala ang ngiti ng binata hanggang sa sumeryoso ito.

“What?” he asked.

“You’ve changed.”

“Kailangan kong magbago, baka mabasted ako ulit,” sagot ni Jet, nakangiti nang muli. “But I’m glad I changed. I hope you like the new me,” patuloy nito at kumindat pa sa kanya.

Noon kapag nanunukso si Jet katulad ng ginagawa nito ngayon, binato na siguro niya ito ng lamesa. Ngayon... naiinis siya sa sarili na para siyang kinikilig dito.

*Ano ba, Kim, pagalit na saway niya sa sarili. Ngayon ka pa kinilig?*

Nagbago na nga ito. Nakakaya na nitong magbigay ng mga ganoong komento sa napakakaswal na paraan.

*See what the years have done to him.*

“Pupunta ka ba sa reunion?” mayamaya ay tanong ng binata.

Natanggap niya ang invitation para sa pagtitipon via email. Ang totoo, wala siyang planong pumunta.

“Pupunta kami ni Kian. May trabaho din kasi kami sa Cebu,” ani Jet. “May event din si Malur d’un, kaya siguradong pupunta siya.”

Tumango-tango siya sa sinabi nito. Mas kailangan niya ng trabaho kaysa leisure time.

“I’m not really sure,” sabi na lang niya.

“You should come,” panghihikayat ni Jet. “Besides, next month pa naman iyon. You still have a lot of time to think it over.”

Tipid na ngumiti siya rito.

---

“Nag-date kayo ni Jet? As in the Jethro del Rosario?” parang near hysterical na tanong ni Bianca.

“Kung maka-the Jethro del Rosario ka ay parang ka-level na niya si *Alexander the Great*,” ani Kim. “Isa pa, hindi date iyon. Niyaya lang niya akong mag-lunch as an old friend.”

“Old friends? Magkakilala na kayo noon pa? Bakit hindi ko alam? Kailan pa? Are you doing things behind my back? Siyempre, behind my back kasi hindi naman puwedeng behind my front,” aligagang daldal ni Bianca.

Sigurado niyang pati ito ay hindi alam kung ano ang lumalabas sa bibig nito. Base sa mukha nito ay para na itong hihimatayin anumang oras, ay hindi, segundo pala.

“Ano ba, huwag namang OA. Classmates kami noong high school. Naalala mo iyong lalaking palagi naming kasama ni Malur?”

Saglit na nag-isip si Bianca. “Si Malur, naaalala ko. Iyon iyong weirdo mong BFF na mahilig sa kababalaghan. At may palaging kang kasamang lalaki na sa sobrang torpe ay hindi makaamin na may gusto siya sa 'yo.”

Nabigla siya sa sinabi nito. “Ano?”

“Bakit, hindi mo alam?” inosenteng tanong ni Bianca. “Ang obvious kaya noon na may gusto iyon sa 'yo. Aba, sinong lalaki ang magtyatiyaga sa mga pambubugbog mo kung hindi ka nila mahal? Kung uutusan mo nga siguro 'yun na tumalon sa tulay ay gagawin n'un.”

“Okay na, tama na,” saway niya. “Gets ko na.”

Nakagat ni Kim ang kanyang labi. Bakit nga ba hindi niya nahalata iyon noon? Tuloy, nang magtapat sa kanya si Jet, natakot siya. Hindi lang naman siguro siya ang babae na naging ganoon ang reaksyon pagkatapos aminin ng isang kaibigan na may gusto ito sa kanya.

“Alam mo bang nagtapat siya sa akin noong prom night namin?” Si Bianca ang una niyang sinabihan tungkol dito. Nahihiya pa rin kasi siya kapag naaalala iyon.

“Talaga? Naglakas-loob ang batang iyon? ’Tapos?” Bianca looked so interested.

“Wala, tinakasan ko,” nahihiya niyang sabi.

Umiling-iling ito. “Hindi mo man lang binasted nang maayos?” Umiling siya. “Ano’ng connect n’un kay Jet?” tanong nito.

“Ano kasi... ang lalaking iyon kasi si Jet.”

Parang hindi na humihinga si Bianca nang malaman iyon. Nanlaki ang mga mata nitong nakatitig sa kanya. Hindi na ito gumagalaw. Kung susundutin niya siguro ang noo ng pinsan ay matutumba ito.

“Siya si Jet?” Mukhang nagbagong mundo ito sa



rebelasyon niya. “Binasted mo si Jet?”

Tumango lang siya.

“You dumped the Jethro del Rosario?”

“Puwede ba, Ate Bianca, huwag mo ngang sabihing *the* Jethro. Saka parang sobrang laki ng kasalanan ko kung makaarte ka d’yan.”

“Bakit hindi? Si Jet lang naman ang pinapapantasya ng halos lahat ng babae at bakla sa buong Pilipinas.”

“Ate, hindi mo ako masisisi. Ang bata ko pa kaya n’un,” sabi niya.

“Sabagay,” sang-ayon ni Bianca. “Pero si Jethro talaga?”

“Matutulog na ako.” Tumayo na siya.

“Teka, kwentuhan mo pa ako,” tutol nito.

“Good night.”

---

Kanina pa pabiling-biling si Kim sa higaan. Nag-iisip siya kung pupunta ba siya sa reunion nila next month sa Cebu.

Sa totoo lang, gusto niyang umuwi. Miss na rin niya ang mga magulang. Pero hindi pa siya

nakakahanap ng bagong mapapasukan. Isa pa, reunion lang naman ang pupuntahan niya.

*Not that important, aniya sa sarili.*

Magkikita sila ng mga classmates at schoolmates niya noong high school.

She did encounter some memorable *firsts* during her high school life. First serious crush, first love and, of course, first heartache.

Ipinikit na niya ang mga mata, umaasang makakatulog na siya pag ginawa iyon. Pero lumitaw ang imahe ni Jet sa isip niya.

*He has changed a lot.* Hindi na niya kayang makipagbiruan dito gaya ng dati.

*“Jet, wala ka ba talagang crush? Hindi ka nagka-crush kahit kailan?”* tanong ni Kim habang naglalakad sila pauwi galing sa school.

*Kasama nila sina Kyle at Malur na hindi nagpapansinan sa likuran.*

*“Hmm, hindi ko pa naranasan iyan,”* sagot ni Jet sabay taas ng backpack sa likod nito.

*“Ano ka, abnormal? Wala man lang crush?”* hirit niya.

*“Kapag walang crush abnormal agad? Puwede naman siguro na wala pa lang akong nakikitang babae na pasado sa taste ko,” pagdedepensa naman ni Jet sa sarili.*

*“Tama si Jet,” sapat ni Malur. “Saka enough na sa kanya ang pagmamahal ng mga magulang niya kaya wala siyang makita na makahihigit pa d’un.”*

*“Hoy, apat-ang-mata, mali ka. Naghihintay lang ’yan ng tamang panahon,” sopla ni Kyle.*

*Inirapan lang ito ni Malur at tumingin kay Jet na para bang itinatanong kung sino sa kanila ang tama. Pati si Kim ay napatingin sa binata. Nagtagal ang tingin ni Jet sa kanya pero iniwas din nito ang mga mata.*

*“Saka paano ako makakakita ng crush kung palaging nasa harap ko ang bakulaw na mukha ni Zenn,” sagot ni Jet.*

*Lumagapak sa mukha nito ang librong dala niya.*

*Napangiti si Kim nang maalala iyon pero agad ding nawala ang ngiti niya.*

*She missed the old Jet, the Jet she knew before the prom night.*